


# Learning Guide



in

# Heograpiya/Kasaysayan/ Sibika

GRADE VI

## Pinoy Gising: Tangkilikin Sariling Atin

Department of Education
Bureau of Elementary Education
Pasig City, Philippines
2003

**Paunawa hinggil sa karapatang-sipi.** Isinasaad ng Seksiyon 9 ng Atas ng Pangulo Bilang 49: "Walang karapatang-sipi ang anumang akda ng Pamahalaan ng Republika ng Pilipinas. Gayunman, kung kakalakalin ito, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaang gumawa nito."

Ang mga Learning Guides sa Heograpiya/Kasaysayan/Sibika ay inihanda ng Sangay sa Pagpapaunlad ng Kurikulum (Curriculum Development Division) ng Kawanihan ng Edukasyong Pang-Elementarya. Sadyang inihanda ang mga kagamitang ito upang matulungan ang mga guro at mag-aaral para sa lubusang pagkatuto ng mga kasanayan gayon din upang maragdagan at mapayaman ang mga batayang aklat na inihanda ng Instructional Materials Council Secretariat (IMCS).

Iba't ibang kagamitan ang ginamit tulad ng kuwento, tula, maikling dula-dulaan, mga kuwentong bayan at iba pa sa paglalahad ng kasanayang lilinangin kasama ang maraming pagsasanay na angkop sa mga mag-aaral sa mga paaralang elementarya.


**Mga Tagapamahala.** Dr. Lidinila M. Luis-Santos, *Direktor IV*; Dr. Teresita G. Inciong, *Direktor III*; Dr. Merlita A. Nolido, *Tagapamahala, Sangay sa Pagpapaunlad ng Kurikulum*; Ms. Corazon L. Galang, *Tagapamahala, Sangay sa Pagpapaunlad ng Kurikulum (1995-1998)*

**Mga Manunulat**. Elizabeth J. Escaño, *Tagapag-ugnay ng Proyekto,* Elizabeth J. Escaño, Federico L. Reyno, Ofelia H. Eustaquio, Noel P. Miranda, Aurea S. Duran, Celia C. Juachon, Concepcion G. Viernes, Marion Grace Murillo, Erlinda Andal, *Tagamasid, Sangay ng Maynila,* Angelita Cagalingan, *Tagamasid, Sangay ng Pasig*, Carmencita Magabo, *Tagamasid, Sangay ng Makati*, Rosalinda Palacao, *Sangay ng Cavite,* Araceli Rivera, *Sangay ng Rizal, Mga Kasapi,* Remedios G. Pardo, Herminia G. Valenzuela, Rowena B. Dino, Glenda P. Monterozo, Myrna D. Latoza, Ferdinand S. Bergado, Wilson T. Sy, Julius Peter Samulde, Romeo A. Granadozin, *Mga Katulong sa Paghahanda,* Eric S. de Guia, Fermin M. Fabella, *Mga Gumuhit ng Larawan*

***BUREAU OF ELEMENTARY EDUCATION***
***Curriculum Development Division***

*Office Addres:* *2nd Floor, Bonifacio Bldg.,*
*DECS Complex, Meralco Avenue*
*Pasig City*
*Telephone No.:* *632-1361 loc. 2055/2174/2175*
*Fax No.:* *633-7270*

## ALAMIN




Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

1. Anong mga produkto ang itinitinda sa unang larawan? sa ikalawang larawan?

2. Bakit kaya marami ang mga taong namimili ng produktong yari sa ating bansa?

3. Ano sa palagay ninyo ang mangyayari sa negosyo ng may-ari ng unang tindahan?

4. Ano ang mangyayari sa mga tagagawa ng mga lokal na produkto?

5. Ano kaya ang mangyayari sa ating bansa kung patuloy na mangyayari ito?

Sa araling ito, maiuugnay ang kahulugan ng pagtangkilik sa sariling produkto sa pag-unlad at pagsulong ng bansa.

## PAG-ARALAN

## PAGHAHANDA

### 1. Sa Tulong ng Guro

- Maghanda ng "pocket charts" at mga "flash cards" na may nakasulat na produkto na yari o matatagpuan sa Pilipinas at yaong yari sa ibang bansa.

  Halimbawa: mangga, lansones, atis, pakwan
  telang "yusi", piña, barong Tagalog
  bag, sapatos, tsinelas na yari sa abaka
  mansanas, kastanyas, peras
  sapatapos na may tatak na "Bally", atbp.

- Paghalu-haluin ang mga "flash cards" at bumuo ng dalawang pangkat.

- Maglaro sa pamamagitan ng paglalagay sa "pocket chart" ng mga "flash card" sa tamang hanay - yari sa Pilipinas at yari sa ibang bansa (Kailangang magkapareho ang bilang ng "flash card" ng bawat pangkat.)

- Pagkatapos ng laro, itanong ang sumusunod:

  - Anong produkto ang iyong bibilhin? Bakit?

## PAGLINANG NG KASANAYAN

### 1. Gagawin Namin

- Basahin.

Babasahin 1

**Pagtangkilik sa Sariling Produkto**

"Buy Filipino". Ito ay isang kampanya o panawagan sa mga mamamayang Pilipino na tangkilikin ang sariling atin. Ang pagtangkilik ng mga produktong Pilipino ay makatutulong nang malaki sa kabuhayan ng bansa. Marami rin naman tayong mga produktong may mataas na uri at maaari ring ihanay sa mga produktong yari sa ibang bansa. Isang halimbawa nito ay ang mga sapatos at tsinelas na yari sa Marikina.

Sa pagtangkilik natin sa sariling produkto, matutulungan natin ang ating mga kababayang namumuhunan. Marami ring manggagawa ang magkakaroon ng hanapbuhay.

### 2. Sa Tulong ng Guro

- Sagutin ang mga tanong.

  a) Ano ang ibig sabihin ng "Buy Filipino"?

  b) Paano natin isasabuhay ang kampanyang ito?

  c) Magbigay ng mga halimbawa ng sariling produkto na may mataas na uri?

  d) Paano makatutulong sa pag-unlad ng bansa ang pagtangkilik sa sariling produkto?

**3. Gagawin Namin**

- Bumuo ng maliliit na pangkat na binubuo ng 6 hanggang 8 miyembro at magsagawa ng isang "buzz session"
  - Pumili ng isang lider at isang tagatala.
  - Talakayin ang tanong na ito. Paano makatutulong sa pag-unlad at pagsulong ng bansa ang pagtangkilik sa sariling produkto?

    (Sa pamumuno ng lider ng pangkat, ang mga kasapi ng pangkat ay magbibigay ng kanyang kasagutan sa tanong. Ang mga sagot ay isusulat ng tagatala. Pagkatapos ng takdang oras, ang lider o tagatala o sinumang kasapi ng pangkat ay iulat sa klase ang kanilang napag-usapan.)

**4. Gagawin Ko**

- Sumulat ng isang talata tungkol sa paksang ito.

  "Ang Pagtangkilik sa Sariling Produkto at ang Pag-unlad at Pagsulong ng Bansa"

## PAGSASANAY

Pag-aralan ang larawan.




1. Isulat ang mga produktong nakikita sa bawat lobo.

2. Sa tapat ng bawat produkto, isulat kung ito ay lokal na produkto o yari sa ibang bansa.

**TANDAAN**

Ang pagtangkilik sa sariling produkto ay nakatutulong sa pag-unlad at pagsulong ng bansa.

## PAGLALAPAT

Pinagluluto ka ng "fruit salad" ng iyong nanay. Isulat mo ang mga lahok na prutas sa iyong ihahanda.

## SUBUKIN

Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng pagsulong ng kabuhayan ng bansa.

   a) Patuloy na pagtangkilik ng mga Pilipino sa sariling produkto
   b) Pagiging mapili ng mga Pilipino
   c) Pag-asa sa inaangkat na kalakal sa ibang bansa
   d) Pagbale-wala sa mga produktong yari sa ating bansa

2. Ano ang maaaring ibunga ng pagtangkilik ng mga Pilipino sa sariling podukto?

   a) Makahahadlang sa kaunlaran ng kabuhayan ng bansa
   b) Makakapag-angkat ng maraming kalakal sa ibang bansa
   c) Bababa ang presyo ng ating mga kalakal
   d) Makatutulong sa pagsulong ng kabuhayan ng bansa

3. Maraming Pilipino ang mahilig sa mga bagay na yari sa ibang bansa na nagiging sanhi ng _________.

   a) Pagsulong ng kabuhayan ng bansa
   b) Maraming mga Pilipino ang makararating sa Amerika
   c) Lumiliit nang reserbadong dolyar ng bansa
   d) Dumadami ang iniluluwas nating kalakal sa ibang bansa

4. Namamasyal kayong magkapatid sa Maynila. Nagkataong inabot kayo ng gutom, marami kayong mapagpipiliang "restaurant" pero saan mo siya yayakagin?

   a) Chinese Restaurant
   b) Native Restaurant
   c) Korean Restaurant
   d) American Restaurant

5. May balikbayan kang pinsan at niyaya kang mamili upang maipasalubong niya sa Amerika pag-uwi. Ano ang maganda mong maipababaon sa kanya bilang alaala o "souvenir"?

   a) Larawan ng White House at Statue of Liberty
   b) Mga Tsokolateng "Toblerone" at "Hersheys"
   c) Mga T-shirt na yari sa Hongkong
   d) Mga pandekorasyon sa bahay na yari sa kabibe



## PAGPAPAYAMANG-GAWAIN

- Gumawa ng dayorama ng tindahan ng mga produktong yari sa Pilipinas.

- Lumibot sa pamayanang komersyal sa inyong lugar. Itala ang bilang ng mga tindahan ng mga produktong yari sa Pilipinas at ng mga yari sa ibang bansa.

- Sa oras ng paglilibot, obserbahan ang mga mamimili kung aling produkto ang kanilang binibili.